# HANAPIN ANG KALIGTASAN—Laurel

## Ang Naganáp Sa Leyte Na Pagkakaahon

Ang pagkakaahon ng mga amerikano sa Leyte na ayon sa mga balitang napalathala na'y naganap noong ika-20 ng kasalukuyan ay isang pangyayaring nagpapahiwatig sa atin na ang larangan ng digma ay umabot na sa lupaing pilipino. Bagaman ang mga nagsiahon, ayon din sa mga balita, ay napipipilan ng mga kawal ng hukbong hapones na nagtatanggol sa Kapuluan, ay maaaring mangyari na ang saklaw ng larangan ng digma dito sa atin ay maging maliit o maging malawak, alinsunod sa kalalabasan ng panagpuan ng dalawang lakas. Samantala, tayo'y nasa isang kalagayang napakaselan, at dahil diyan ay nararapat na sundin natin ang ipinapayo ng mga patnugot ng ating Republika, na, bawa't isa sa mga mamamayan ay gumamit ng kahinahunang-loob, mamayapa sa sariling tahanan at huwag padala sa lihis na mga sabihanan. Anumang lisyang kilusan o bahagyang pagkakamali sa panig ng mga mamamayan ay maaaring magbunga ng kapanganyayaan ng makapal na bilang ng mga tao.

Ang lalong pinaka-magaling na magagawa ng bawat isa sa atin ay italaga ang kalooban sa anumang mangyayari, manahimik at harapin ang sari-sariling kabuhayan; ngunit sa ibabaw ng lahat, ang kailangan ay ang lubos na pagtulong sa lalong ikapananatili at ikapagtatagumpay ng ating Republikang nagsasarili sa ilalim ng pamamatnugot ng Kanyang Kadakilaang Jose P. Laurel, karapat-dapat na Pangulo ng ating minamahal na Kapuluang Pilipinas.

## Paggunita Sa Mga Kawal Na Nalibing Sa Kapas

Sa ilalim ng pangungulo ng pangalawang kagawad-bansang Arsenio Bonifacio, ang Pangulong Laurel, ay bumuo ng isang lupon na siyang mangangasiwa sa pagpaparangal at paggunita sa mga kawal na pilipinong nangamatay at nangalibing sa Kapas, Tarlak. Ang pagpaparangal at paggunita ay gagawin sa unang araw ng buwang papasok na siyang kaarawan ng mga patay.

### PINIGIL MUNA ANG PAGTUNGO SA MGA LIBINGAN

Dahil sa kaselanan ng panahon na halos araw-araw ay may inihuhudyat na panganib sa pagsalakay buhat sa itaas, at upang mapangalagaan ang buhay at kapanatagan ng mga mamamayan, ay ipinasiya ng gobernador militar Guinto ng Maynila ang pagpigil sa pagtungo sa mga libingan na pinagkaugaliang gawin ng mga mamamayan tuwing dumarating ang unang araw ng Nobyembre.

### PAGUNITA SA TAUMBAYAN

Sa pamamagitan ng pitak na ito ng *Ang Republika* ay ulit-ulit na ipinagugunita sa mga mamamayan ang pagtatanim ng mga halamang madaling mapag-anihan ng mga pagkaing sukat maipanghalili sa pangunang kailangang bigas. Ang panawagang ito ay matagal nang ginawa at ngayo'y inuulit lamang upang huwag makaligtaan, lalung-lalo na noong mga taong may sariling mga bakurang sukat mapagtamnan.

## Nakahanda Ang Pangulo Sa Anumáng Mangyayari

### Ganyán Ang Inihudyát Sa Bayan Noóng Kaarawán Ng Repúblika

*Itong sumusunod ay siyang buong talumpati ng Pangulong Jose P. Laurel noong kaarawan ng Republika ng Pilipinas:*

Buhat nang itatag ang ating Republika ay pinagsikapan kong matamo, para sa ating pamahalaan, ang malayang paghawak ng mga katutubong lakas ng kapangyarihan, at para sa ating mga kababayan, ang kapanatagan at kasiyahang tuwi na'y kanilang inasam-asam na magiging mga unang biyaya, sa anu't anuman, ng kasarinlan.

Naging mahalaga na ipakilala ang mga karapatan ng bagong pamahalaan, sa kabila ng katangi-tanging kalagayan ng Pilipinas bilang larangang maaaring pagdausan ng mga kilusang panghukbo, sapagka't ang gawain sa pagpapanibagong-tatag at pagpapanibagong-buhay ay kailangang-kailangan kung kaya di maaaring ipaghintay sa pagwawakas ng digmaan bago magtangkang magpairal ng mga pansimulang pagbabago sa kapamayanan, kabuhayan at lipunan. Ang suliraning kinaharap ng bansa ay ang kaligtasan o ang pagkaparam ng lahi.

Hindi maiiwasan na samantalang ang Republika ng Pilipinas ay nagpasimula sa pagbabanghay ng mga masaklaw na balangkas ng binabalak na pagbabago, ay pinatnubayan at pinasigla yaon ng mga iniaatas ng tunay at dakilang pag-ibig sa bayang pilipino. Bagama't nag-uukol ng matiyagang pansin sa maaaring idulot sa atin ng ibang bayan bilang halimbawa o patnubay, tayo'y napilitang tumarok nang malalim sa ating sariling kasaysayan at sa ating mga puso upang magkaroon ng makabuluhang pampasigla, sapagkat batid natin, sa wakas—at ito'y sinasabi natin nang may malinis na kalooban at pagtanaw ng utang na loob—na walang dayuhang makapagmamahal sa mga pilipino nang higit kaysa mga pilipino sa kanilang kapwa pilipino. Tayo na rin ang dapat humanap ng ating sariling kaligtasan.

Ang Pamahalaan ng Republika ay laging nagpapahalaga sa mga bansag na katotohanan; yao'y marangal na naninindigan sa mga taimtim na pakikipagkasundo at pakikipag-unawaan sa Pamahalaang Imperyal ng Hapon ukol sa maraming mahahalagang bagay na may kinalaman sa matagumpay na pagtataguyod sa Digmaan sa Lalong Malaking Silangang Asya. Nang ang lupaing pilipino ay salakayin, natutumpak at nararapat na tayo'y tumupad hindi lamang sa mga tadhana ng ating Kasunduan sa Pakikipagtulungan kundi manindigan din sa ating katutubong tungkulin at karapatan na ipagtanggol ang kasarinlan at karangalan ng ating bayan. Lagi nang sinisikap ng Republika, at patuloy na sisikapin niya, na sa kanyang paghawak ng mga lakas ng kapangyarihan, maging sa mga suliraning panloob o sa kanyang pakikipagpalagayan sa ibang bansa, na maging lubos na malaya sa mga di-kailangang pagpipigil, o sa di-kanais-nais, bagama't may mabuting layon, na panghihimasok o pamamagitan ng kanyang mga kaibigang dayuhan. Sapagka't, sa anu't anuman, tanging ang ganap na kalayaan sa panghihimasok o pamamagitan ng mga dayuhan ang siyang makapagbibigay sa atin ng kakayahang maisakatuparan ang ating kapalaran. Ang byang pilipino ay magiging maligaya lamang nang palagian kung pababayaang mamuhay na mag-isa sa sariling landas ng buhay at umunlad nang naaalinsunod sa kanilang mga likas na kakanyahan at maging sa kanilang mga kakaibang katangian.

Tayong lahat ay nagkakasundo sa isang paksa: ang kaligtasan ng ating bayan, ang katotohanan ng ating kasarinlan at ang pagpapanatili sa isang Republika ng mga pilipino, inuugitan ng mga pilipino at tanging-tanging sa mga pilipino lamang. Sa loob ng natatakdaang kakayahan sa kasalukuyan, ay masiglang itinataguyod ng Pamahalaan ng Republika ang isang tiyak at manapa'y maraming-panig na palatuntunan upang maisagawa ang pangunang layuning ito. Ang unang hakbang ay ang pagbubuklod sa lahat ng mga buhay na lakas ng bansa—ang lahat ng mga bahagi at mahahalagang bagay na taglay ng ating bayan at ng ating kasaysayan—upang ang lahat ng mga pilipino, lalaki, babai at bata ay magtaguyod sa Republika. Ipinangangaral natin ang simulain ng pagkakaisa sapagka't kung tayo'y naglalaaban-laban ay hindi tayo makararating nang malayo kailanman, nguni't kung nagkakaisa at nagmamahal sa kapwa ay walang balakid na di natin malalakdawan, walang mithiing hindi natin masasapit.

Walang humpay na ipinagugunita natin sa ating mga kababayan ang maluluwalhating kabanata sa kasaysayan ng Pilipinas—ang paghamon ni Lapulapu, ang kabayanihan ni Del Pilar, ang paghihimagsik ni Bonifacio, ang pagka-martir ni Rizal—upang gisingin pamuli ang isang nag-aapoy na pag-ibig sa lupang tinubuan na siyang maglalatang sa ating mga puso upang yao'y di na madalaw ng mga hamak na pagkakainggitan at ng mga damdaming makapangkat, ng kasakiman at ng pag-iimbot, ng kalasingan at mga di-banal na pagnanais makapaghiganti.

Ating inaalis unti-unti ang duming nakakapit sa ating mga asal-Kristiyano upang mapanumbalik ang busilak na kagandahan at lakas ng isang relihiyong nangangaral ng kawalang-imbot at pag-ibig sa lahat.

Kasama ang mga walang-maliw na mahahalagang bagay na ito ng ating pamana buhat sa diwa ng lumipas ay binubuklod natin ang mga iba pang sa kasalukuyan ay ipinalalagay na mapakikinabangan sa ating pakikipaglaban upang mabuhay. Binibigyan natin ng lubos na kalayaan ang masimbuyong pag-ibig ng ating bayan sa pag-aaral at sa pagpapaunlad sa sarili; dukha ang pamahalaan nguni't pinamalagi naming bukas ang pinakamaraming paaralang primarya na aming makakaya, at nagtatag ng maraming pasanayang bokasyonal sa matataong pook sa lalawigan. Binibigyang-sigla ng pamahalaan ang laganap na pagnanais na subukin ang pamamaraang usungan o kooperatiba ukol sa pagtitipon at pamamahagi ng mga pangunang kailangan; unti-unting iniaangkop ang pamamaraan ding yaon sa dako ng mga gumagawa ukol sa ating kabuhayan. Ang mga kooperatiba, na itinatatag bilang tugon sa kasalukuyang mga kaisipan sa kabuhayan at sa lipunan, ay magsisilbing mabuting sanayan kaipala ng ating mga mamamayan sa sining ng sama-samang pamumuhay na malamang maging isang mahalagang bahagi ng daigdig pagkatapos ng digmaan.

Ang ikalawang mahalagang panig ng ating palatuntunan ukol sa kaligtasan ng bansa ay ang matatag na kilusan upang mapanumbalik at mapanatili ang katahimikan at kaayusan sa loob ng ating bayan. Sa gawaing ito nagkaroon tayo ng pinakamahigpit na pangangailangan, sa isang dako, na ipakilala ang mga karapatan ng kasarinlan, at sa kabila naman, upang matamo ang tulong ng mga taumbayang mapagmahal sa katahimikan. Isang kahirapang nauunawaan, nguni't kahirapan ding masasabi, na kahit na noong pagkatapos itatag ang ating malayang Republika ay hindi natin tinamo ang ganap na kalayaang harapin ang ating suliranin ng katahimikan at kaayusan ayon lamang sa ating sariling pamamaraan. Gayunman, sa bahaging magagalawan na maaari nating paghawakan ng lubos na pananagutan, ay isinasagawa natin ang isang simulaing may tatlong bahagi.

Una, pinag-ingatan nating huwag magsabog ng binhi ng poot sa mga puso ng ating kababayan sa bisa ng mga kagagawang salat na salat sa katarungan, gaya baga ng pagpaparusa sa mga taong walang kasalanan o ang mga di-kailangang pagkitil ng buhay. May bahaging malulungkot ang bayang pilipino sa kanilang kasaysayan noong sila'y walang lakas na magtuwid sa mga kasakit-sakit na pagalipusta, at sa gayo'y napilitang magkimkim ng mga sama ng loob sa mahahabang panahon. Hindi likas na mapaghiganti, napayabong nila, sa bisa ng mga pangyayari, ang isang matingkad na alaala ukol sa isang kaapihan at ang walang katapusang pag-aaklas ng kalooban laban sa di-matwid. Ang pagkakabatid sa ugaling ito ng ating bayan, at ang pagnanais na huwag makapagtayo ng mga sagabal sa matibay na pagkakaisa at sa isang lalong masaklaw na pag-ibig sa kapwa sa mga darating na panahon, ay siyang nagpayo sa pamahalaan laban sa pagpapairal ng isang di-mababaling simulain ng dugo at bakal sa kilusang pagpapayapa.

Ikalawa, hinggil sa mga tinatawag na gerilya, ay ipinamamalas sa kanila ang katotohanang sila'y walang itinataguyod na layuning panghukbo, katumbalik pa nga nito'y nakapipinsala sila sa mga kapakanan ng kanilang tinubuan at ng kanilang mga kababayan. Sapagka't, kahit na gaano pa ang kanilang maging lakas sa dami ng kawal at sandata, ay di sila maaaring makapagpabago sa magiging wakas ng digmaang ito. Sa mga panahong ito ng digmaan ng mga makina, ang mga lakas na nagkakasagupaan, sa dakong huli, ay ang mga nililikha ng industriya at ng kayamanan. Kung sa bagay, hindi magaan para sa isang taong may pitagan sa sarili na magbago ng pananalig pagkalipas ng isang magdamag kahit na ang pananalig na yao'y pinawalang-saysay ng mga bansag na katotohanan, at sa mga kababayan nating nasa ganitong katayuan, ay mataimtim na pinatutunayan namin ang katumpakan ng ating Saligang-batas, ang kahalagahan ng ating nakawagayway na Watawat at ang katunayan ng ating kasarinlan. Sa magtagumpay man o tayo o sa hindi sa pag-amuki sa kanila na pagmalasin ang mga bagay-bagay na gaya ng ating ginagawa, ay ikalulungkot natin ang kanilang pagkapuksa, sapagka't sa kabuuan ng mga mahalagang bagay ng ating bansa, ay kumakatawan sila sa isang karapat-dapat papanatilihin. Iyan ang dahilan kung bakit ang isa sa aking mga unang ginawa sa pamahalaan, pagkatapos kong matanggap ang tungkulin, ay ang paglalagda ng isang pahayag na nagkakaloob ng pangkalahatang amnistiya at patawad sa lahat ng mamamayang nakagawa ng pagkakasala at paglabag na may uring pangkapamayanan. Kahit na noong makalipas na ang animnapung araw na palugit na itinakda sa Pahayag ukol sa Amnistiya, ay ipinatalastas ko na pahahalagahan ko pa rin ang isahang pagpapatawad sa mga lumabag sa batas na pangkapamayanan, at ako'y di sumira sa aking pangako.

(*Itutuloy sa susunod na bilang*)

## Upáng Maiwasan Ang Kapahamakán Kung May "Raid"

Sa kung ilang pananalakay na ginawa buhat sa papawirin na nasaksihan natin ng ilang araw na nakalipas ay maraming mga kasakunaan at kapahamakan nangyari dahil sa kawalan ng karampatang pag-iingat ng mga tao. Inaakala nitong *Ang Republika* na lubhang napapanahong ipagunita sa mga mamamayan ang mga kuro't palagay, gayundin naman ang mga tagubilin ng mga dalubhasa ukol sa bagay na iyan, kung dumarating ang mga sandaling may "raid" at may "bomba".

Alinsunod sa nasabing mga dalubhasa ay 95 por ciento ang kaligtasan ng mga taong nangakadapa sa mga pook na kubli. Ang kaligtasan ng nangungubli ng patayo ay 5 por ciento lamang. Inaakalang ang lalong pinakamagaling ay dumapa sa hukay na lampas-tuhod man lamang ang lalim.

Itinatagubilin din naman sa lahat na pagkaringig sa hudyat na may panganib ay kinakailangang mangagsiligpit at huwag tumanga-tanga sa mga bukas na pook o sa mga lansangan.

Kung ang mga tagubiling iyan ng mga nakakaunawa ay siyang susundin ng mga mamamayan ay maiiwasan natin ang mga kapahamakan at kasakunaang gaya ng malungkot na nasaksihan na ng mga araw na nakalipas.

## Ang Mga Bigás Na Nasamsám

Ayon sa isang tiyak na ulat, ang maraming bigas na nasamsam sa mga walang pusong mapagsamantala at gayon din naman sa ilang mga mangangalakal, ay siyang naipangligtas sa kagutuman ng mahigit sa 20,000 mag-aanak na naghihirap. Ang nasabing mga bigas, sa pamamagitan ng mga samahan sa pagkakawanggawa, ay ipinamahagi ng Pamahalaan sa nabanggit na bilang ng mga mag-aanak. Ang panghahalughog at pananamsam ay patuloy at inaakalang marami pang makukuhang sukat maipantulong sa mga taong nagigipit sa pangunang kailangang iyan sa buhay.

Kung ang balak ng mga pinunong kinauukulan ay hindi magkakaroon ng sagwil, ang paghihikahos ng maraming taumbayan ay mababawas-bawasan. Itong *Ang Republika* ay ganap na nagtitiwala sa mabuting layon ng mga tao ng Pamahalaan, lalung-lalo na ng Pangulong Laurel; ngunit ang nasabing mga tao ng Pamahalaan ay pinagpapagunitaan namin upang gawin ang lahat ng magagawa sa paraan bagang ang mga kawaning kanilang pinagkakatiwalaan ay magsipanuparan ng buong karangalan sa tungkuling ipinagkakatiwala sa kanila. Ibig namin sabihin, ang mga kawaning iyan, ay huwag mapaloob sa tinatawag na mga *bantay-salakay*.

### TUMALIMA SA IPINAG-UUTOS

Ipinaaalaala namin sa madla na ang oras ng pagligpit ng mga mamamayan ay ganap na ika-8:00 ng gabí. Ayon sa Alkalde, bawa't tao ay kailangang nasa kani-kanilang tahanan na sa ika-7:00 pa lamang ng gabí. Kung ang sinuman ay aabutin ng ika-8:00 ng gabí sa lansangan ay silá ang tanging dapat na managot sa anumang mangyayari sa kanila.

Sa ganang amin ay wala kamíng ipinapayo kundî lahat at bawa't isa sa atin ay tumalima sa mga ipinag-uutos.